



Ang TRUTH Act ay isa pang hakbang upang labanan at paalisin ang ICE mula sa California. Marami kapang matutunan kung bibisitahin mo ang www.catruthact.org

*Kung ikaw o ang mahal mo sa buhay ay kakausapin o interbiyuhin ng ICE sa kulungan ng walang pahintulot - o kayo ay maling nailipat sa lokal na kulungan - maari ninyong tawagan ang [1-844-878-7801](tel:(1-844-878-7801)). Lagi po naming tinitetsek ang mga mensahe araw-araw.

TRUTH ACT:

Alamin ang inyong karapatan.

Magmula sa Enero 1, 2017, mayroong bagong batas ang California na tinatawag na TRUTH Act tungkol sa inyong proteksiyon ng pangunahing ninyong karapatan mula sa lokal na kulungan. Alamin ang inyong karapatan.

Palagi kang may karapatan na manatiling tahimik.

Kung nakikipag-usap o hinaharap ka ng mga nagpapatupad ng batas, anumang sabihin mo ay maaaring gamitin laban sa iyo - huwag mong sasabihin ang anumang impormasyon patungkol sa iyong katayuan sa imigrasyon o immigration status, pagkamamamayan o citizenship, kailan o paano kayo dumating o nakapasok sa Estados Unidos, o kung saan kayo galing o nagmula.

Ikaw ay may karapatan na sumagot ng "hindi" sa mga katanungan o interbiyu ng Immigration and Customs Enforcement (ICE).

Tungkol sa TRUTH Act, maaari ka lang tanungin o interbiyuhin ng ICE sa kulungan kung bibigyan ka muna ng pinirmahang sulat na pahintulot bago ka sumang-ayon na tanungin o interbiyuhin. **Ito ay nangangahulugan na mayroon kayong karapatan na tumanggi at may karapatang manatiling tahimik.**

Kung sa anumang dahilan itutuloy ng ICE na subukan kayong interbiyuhin, maaari ninyong gamitin ang inyong karapatan tumahimik. **Maaari kayong humingi ng abogado.** Kung wala kayong abogado patungkol sa imigrasyon, maaari kayong humanap na inyong kayang babayaran na abogado o humingi ng tulong mula sa mga non-profit organization.

Ikaw ay may karapatan na malaman kung ang mga ahente ng ICE ay naghahanap sa inyo sa kulungan.

Tungkol sa TRUTH Act, ang mga pulis at sheriffs ay dapat magbigay sa inyo ng kopya ng anumang ICE holds. Ang ibig sabihin ng "ICE holds" ay ang kahilingan ng ICE na manatili ka sa kulungan na gaanong katagal upang mainterbiyu ka, o ang kahilingan ng ICE malaman kung kailan ka palalabasin mula sa kulungan.

Nararapat ipaalam sa iyo ng pulis o sheriff, at sa iyong abogado o sinumang tao na inyong pinilisa kasulatan, kung ipapaalam nila sa ICE ang araw na ikaw ay palalabasin mula sa kulungan. Makapagbibigay ito sa inyo ng mas mahaba pang panahon upang makapaghandá sa paglaban ng iyong kaso.

Sa pinakamaraming kaso, bawal sa mga kulungan na ikulong ka ng extrang panahon kung ang layunin ay upang ikaw ay i-deporta or pabalikin sa iyong bansa. Kung ikaw ay ikinulong sa pamamagitan ng "ICE holds" ng walang inilabas na probable cause mula sa isang hustisya, maaari mo silang idemanda at maaari rin nila kayong mabayaran.